

1 | Ang kababaihan ay kapantay ng kalalakihan sa kahalagahan.

Pagkatapos, sinabi ng Panginoong Diyos, "Hindi mabuting mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya." **GENESIS 2:18**

Ang talatang ito ay karaniwang nabibigyan ng maling pakahulugan na ang kababaihan ay naisip na lamang likhain bilang pagtugon sa pangangailangan ng kalalakihan. Subalit ang salitang Hebreo na ginamit para sa salitang "nararapat" ay nangangahulugang "nababagay" o "isang taong nakatayo sa harapan mo." Nangangahulugan na ang kalalakihan at kababaihan ay pantay sa diwa at dignidad. Walang isang mas mahalaga sa isa. Sa halip, tayo ay may pantay na halaga sa paningin ng Diyos. Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Roma 12:10 tungkol sa kung paano natin dapat ituring ang iba?

2 | Ang mga kababaihan ay may taglay na kalakasan.

Pagkatapos, sinabi ng Panginoong Diyos, "Hindi mabuting mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya." **GENESIS 2:18**

Sa pahayag na ito, ang salitang Hebreo na ginamit para sa salitang "kasama" ay hindi tumutukoy sa isang katulong. Sa halip, ang ibig sabihin nito ay "tagapagligtas" o "tagatulong sa oras ng kagipitan." Ginawa ng Diyos ang kalalakihan at kababaihan na malakas sa magkaibang paraan. Tayo ay nilikha upang punan ang isa't isa at hindi upang makipagpaligsahan. Bagamat tayo ay may iba't ibang tawag mula sa Diyos at tungkulin na dapat gampanan, ang nag-iisa nating layunin ay ang tuparin ang misyon ng Diyos (Mga Taga-Roma 15:5,6). Ano ang ilan sa mga paraan na pinupunan ng kalalakihan at kababaihan ang isa't isa?

APPLICATION

- Ano ang isang kaisipan na mayroon ka tungkol sa pagkababae na kailangang maituwid? Pag-isipan ang Genesis 2:18 ngayong linggo, at ipanalangin na baguhin ng Diyos ang iyong kaisipan ayon sa Kanyang Salita.
- Ano ang ipinapagawa sa iyo ng Diyos gamit ang mga kakayahan at kalakasan na ibinigay Niya sa iyo? Mangakong itatanong ito sa Kanya ngayong linggo.
- Lahat tayo ay pantay-pantay sa halaga at dignidad. Paano mababago ng kaalamang ito ang pakikitungo mo sa iba? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang iparamdam sa isang tao na siya ay pinahalalagahan ng Diyos?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil lahat tayo ay may pantay-pantay na halaga sa paningin Niya. Pasalamatan Siya sa pagmamahal na ibinuho Niya sa atin sa pamamagitan ni Jesus.
- Hingin sa Diyos ang karunungan upang malaman kung ano ang ipinapagawa Niya sa iyo at ang kakayahan na gawin ito.
- Ipanalangin ang karunungan at awa upang magawa mong tulungan ang iba na malaman at maisapamuhay ang pagkakakilanlan at layunin ng Diyos sa kanila.